Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-09 NG SETYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-10:15 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 65 T. 2020**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KALIHIM NG BUREAU OF FISHERY AND AQUATIC RESOURCES (BFAR), G. EDUARDO B. GONGONA SA PAMAMAGITAN NI REGIONAL DIRECTOR SAMMY A. MALVAS, REGION IV-A CALABARZON NG ISANDAANG LIBONG TILAPIA FINGERLINGS NA IHUHULOG SA ILOG NG LUMBAN AT LAWA NG CALIRAYA**

**Akda ni KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**

**SAPAGKAT**, ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) sa pamamagitan ng National Fisheries Program (NFP) ay naglunsad ng ibat-ibang ispisipikong proyekto at makabuluhang gawain na naglalayong makamit ang tuluy-tuloy na produksyon ng mga produktong pampangisdaan na siyang daan upang higit napalakasin ang sektor ng pangingisda sa bansa lalo na sa mga lalawigan at kanayunan;

**SAPAGKAT**, ang Lumban bilang isa sa mga munisipalidad na nasa pampang ng Lawa ng Laguna ay nabiyayaan ng malawak na yamang tubig gaya ng ilog, look, gayun din ng bahaging Caliraya Lake na siyang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga nasa sektor ng pangingisda sa mahabang panahon;

**SAPAGKAT**, dahilan sa unti-unting pagbaba ng bilang ng mga native species sa lawa at ilog gayun din ng mga non-invasive species na nakapanirahan na sa mga katubigan bunga ng mga illegal na pangingisda, pagsira sa mga damong dagat at pangitlugan, at sa mga dumaraming invasive species na kumakain sa mga semilya ng mga katutubong isda, ay labis na naaapektuhan ang mga kabuhayan ng mga local na mangingisda at ang produksyon ng mga produktong pantubig;

**SAPAGKAT**, ang BFAR ay makatutulong ng malaki upang maragdagan ang mga isda sa ilog at lawa sa pamamagitan ng programa nitong Fish Seed Production and Distribution na kung saan ang Kawanian ay namamahagi ng mga fingerlings ng mga non-invasive species na isda gaya ng bangus, karpa at tilapia na pawing mga produktong pampangisdaan na may mataas na commercial value at makapag-papakain ng maraming bilang ng mga mamayan;

**SAPAGKAT**, ang lawa ng Laguna at Caliraya gayun din ang ilog ng Lumban ay patuloy na magiging mapagbiyaya sa mga mangingisda at mga mamamayan ng Lumban at karatig pook kung patuloy na makapagsasagawa ng pakikipagbalikatan ang Lokal na Pamahalaan sa BFAR sa pamamagitan ng fingerlings dispersal sa katubigan na sakop ng Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. Ireneo R. Baldovino at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahang mapitagang humihiling sa Kalihim ng Bureau of Fishery and Aquatic Resources (BFAR), G. Eduardo B. Gongona, sa pamamagitan ni Regional Director Sammy A. Malvas, Region IV-A CALABARZON ng isandaang libong tilapia fingerlings na ihuhulog sa ilog ng Lumban at lawa ng Caliraya;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Bureau of Fishery and Aquatic Resources, Region IV-A CALABARZON na pinamumunuan ni Director Sammy A. Malvas sa Purok 3 Barangay Bambang, Los Baños, Laguna at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-09 ng Setyembre, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt090920res65*